# Ika-63 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

**Pinamatnugan at inilathala ng:**
**Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura**
**Lungsod ng Kawasaki, Agosto 31, 2018**
(Wikang Hapon) http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
(Wikang Hapon na madaling maintindihan) http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

## Pagsimula ng ika-12 Termino ng Kinatawan ng mga Dayuhan




Noong ika-22 ng Abril, Linggo, ay ginanap ang unang pagpupulong ng ika-12 termino ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki. Ito ay ginawa sa Kawasaki International Center. Sa pagpupulong na ito, ipinamahagi ni Vice Mayor Fujikura and sulat ng pagkomisyon sa mga bagong kinatawan. Ang mensahe ng vice mayor ay “Sa loob ng dalawang taon, aming inaasahan ang inyong pagrepresenta ng mga dayuhang naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki. Inyong pagdiskusyonan ang mga tema at inaasahan namin ang inyong mga ideya at panukala ukol dito.”

Pagkatapos nito, ang 26 na kinatawan na nagmula sa 22 na bansa at napili mula sa mahigit 200 aplikante, ay nagpakilala ng sarili at sinabi ang mga nais na pag-usapan sa pulong. Napili bilang tagapangulo si Sutanto Irwan (Indonesia), at pangalawang-pinuno si Maeda Kiyomi (South Korea). Maaari kayong umasa na sa tulong ng mga bagong kinatawan ng mga dayuhan, ang lungsod ng Kawasaki ay magiging mas mabuting lugar.

## Nais mo bang makinig ng Pagpupulong?
## —— Iskedyul ng meeting para sa 2018——

Lugar: Kawasaki International Center (10 minutos na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Toyoko Line)

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml

Oras: mula 2pm hanggang 5pm

| | |
|---|---|
| 10/14 (Linggo) | Ika-1 araw ng ika-3 miting |
| 11/25 (Linggo) | Ika-2 araw ng ika-3 miting |
| 1/20 (Linggo) | Ika-1 araw ng ika-4 na miting |
| 2/24 (Linggo) | Ika-2 araw ng ika-4 na miting |

**Paunawa tungkol sa Open Forum**

Magkakaroon ng open forum sa ika-16 ng Disyembre, Linggo.

Lugar: Nakahara Citizen Hall

Oras: mula 2pm hanggang 5pm

＊＊＊＊＊＊＊

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!

# 《Pagpapakilala ng mga Kinatawan ng ika-12 Termino》

~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~

Sa loob ng dalawang taon, bilang kinatawan ng mga dayuhang naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki, aming pag-aaralan ang iba't-ibang problemang hinaharap ng mga dayuhan sa lungsod. Aming hinahangad ang inyong suporta.

~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~

1. Pangalan
2. Nasyonalidad o Rehiyon
3. Pakiramdam ngayong naging Kinatawan, nais na pag-usapan sa mga pulong

<Tagapangulo>



1. Sutanto Irwan
2. Indonesia
3. Gamit ang nakaraan noong nakaraang termino, nais kong makipagtalakayan sa mga kinatawan.

<Pangalawang Pinuno>



1. Maeda Kiyomi
2. South Korea
3. Ako ay lubos na nasisiyahan dahil napili bilang Kinatawan. Nais kong pag-usapan ang pag-gawa ng kapaligiran upang maging mas madaling magtrabaho ang mga dayuhan. Nais kong magbigay ng iba't ibang ideya.



1. Anita Hrishikesh
2. India
3. Bilang tulay sa pagkakaintindihan ng mga Japanese at mga dayuhan, nais kong makitulong sa pag-gawa ng isang ligtas na Kawasaki.



1. Ali Fazlat Sharoon
2. Fiji
3. Nais kong makatulong sa pagsuporta ng mabuting pamumuhay sa lungsod, gamit ang 20 taon na karanasahan ko sa Japan.



1. Wevita Pradeepa Lakmal
2. Sri Lanka
3. Nais kong tumulong sa pag-gawa ng lugar kung saan madaling mamuhay ang mga dayuhan at Japanese.



1. Urakova Mahabat
2. Kyrgyzstan
3. Nais kong mas maintindihan ang mga hinaharap ng problema ng mga dayuhang naninirahan sa Japan, at mapag-isipan ang maaaring solusyon dito. Nais kong pag-usapan ang trabaho at kalagayan ng daycare para sa mga dayuhan



1. Wulu Eric Farly
2. Liberia
3. Nais kong pag-usapan ang pagdagdag ng oras para sa mga Japanese classes.



1. Ogoshi Milton Tomio
2. Brazil
3. Nais kong makatulong sa mabuting paninirahan ng mga dayuhan sa Japan.



1. Jin Hai Hua
2. China
3. Nais kong pag-usapan kung paano matutulungan ang mga tao sa lungsod na nahihirapan sa ibang salita at kultura.



1. Kodama Nontticha
2. Thailand
3. Nais kong makapag-bigay ng ideya sa mga plano na makakatulong sa iba. Gamit ang karanasan bilang ina, nais kong makagawa ng komyunidad kung saan ang mga dayuhan ay madaling magpalaki ng bata.



1. Xu Chenglong
2. China
3. Nais kong tumulong sa pag-gawa ng lungsod na madaling panirahan ng mga dayuhan. Nais kong pag-usapan ang daycare ng mga bata.



1. Gotame Adhikari Anita
2. Nepal
3. Hindi ko pa alam ang makakaya kong gawin bilang kinatawan, ngunit nais kong makipagtulungan kasama ang ibang miyemb



1. Jiang Xiangmei
2. China
3. Isang nakakapanibagong pakiramdam na napili ako nang magkasunod na 2 taon. Ngayong taon nais kong gawin ang lahat ng aking makakaya.



1. Shirokoradyuk Ilya
2. Russia
3. Ikinararangal ko na mabigyan ng oportunidad upang mapabuti ang pamumuhay ng mga Japanese at dayuhan sa Lungsod ng Kawasaki.



1. Suzuki Miriam
2. Philippines
3. Sa aking palagay, may mga industriya na hirap manatili kung walang tulong mula sa dayuhan. Mahalagang pag-usuapan ang pagsuporta sa mga dayuhang ito.



1. Choi Kyoungsim
2. South Korea
3. Nais kong makatulong sa pag-intindi ng mga Japanese at dayuhan sa isa't isa, upang magkaroon ng komyunidad na madaling tirahan.



1. Kyawt Kyawt Khine
2. Myanmar
3. Ako ay natutuwa at maari akong makipagtalakayan sa mga taong galing sa iba't ibang bansa. Nais kong tumulong sa upang maintindihan ng mga dayuhan ang health forms, at mas marami ang makapagpagamot.



1. Terada Heather
2. Amerika
3. Ako ay lubos na natutuwa at nakasali sa pulong na ito. Nais kong matulungan ang rumaraming mga dayuhan para masanay sa pamumuhay sa Japan.



1. Tran Huong Duong
2. Vietnam
3. Nais kong magbigay ng ideya upong magkaroon ng suporta ang mga dayuhan sa ligtas at masayang pamumuhay.



1. Banetev Artem
2. Russia
3. Ako ay lubos na natutuwa at naging kinatawan. Ako ay lubos na nagpapasalamat. Nais kong makatulong sa komyunidad na aking tinitirahan.



1. Paul Uzzwal Kumar
2. Bangladesh
3. Nais kong pag-usapan ang mga isyu na hinaharap ng mga dayuhang naninirahan sa lungsod upang maging number 1 ang Kawasaki sa Japan.



1. Pozo Rodriguez Miguel Angel
2. Bolivia
3. Nais kong pag-usapan ang mga isyu tungkol sa obligasyon at karapatan ng mga dayuhang naninirahan sa Japan dahil sa tingin ko ay importante ito para sa mas mabuting pamumuhay.



1. Lassalle Julien
2. France
3. Nais kong pag-usapan ang mga tema na mahirap maintindihan ng mga dayuhan kagaya ng pensyon, insurance at buwis, para sa paglaki ng mga bata.



1. Liu Ailing
2. Taiwan
3. Nais kong magbigay ng ideya para sa pag-unlad ng komyunidad at internasyonal na kultura ng lungsod



1. Lopez Jairo
2. Venezuela
3. Isang karangalan na napili ako kahit na wala akong karanasan. Nais kong gawin ang makakaya upang makatulong sa komyunidad ng Lungsod ng Kawasaki.



1. Romanda David
2. Canada
3. Nais kong pag-usapan kung paano maipapabuti ang pagkakaintindihan ng mga dayuhan ang Japanese.

# Pag-ulat sa alkalde at konseho ng panukala at mga gawain sa taong 2017 ng Ika-11 Termino



Noong ika-18 ng Abril (Miyerkules), ang tagapangulo ng ika-11 Termino ng mga Kinatawan na si He Jia Hui, ikalawang pangulo na si Edward Mwimbi Kezengwa, ang tagapangulo ng *Impormasyon at Edukasyong Panlipunan* na si Casey Jay Kuester, at kinatawan ng Pamumuhay sa *Lokal na Komunidad* na si Jiang Xiangmei, ay isinumite sa alkalde na si Norihiko Fukuda ang taunang ulat, at panukala ukol sa "Orientation para sa mga dayuhang mamamayan", "Multi-kultural na suporta sa oras ng sakuna", at "Suporta sa pag-gamit ng daycare".

Ayon kay Mr. Fukuda, "Sa Lungsod ng Kawasaki, dumadami ang mga residenteng dayuhan. Dahil sa pagkakaiba ng mga nasyonalidad at rehiyon ng mga residente sa Lungsod, nagkakaroon tayo ng mas mayaman na kultura", at "Ang keyword na 'Mula sa paghiling patungo sa pakikilahok', ay naipakita sa mga panukala ngayong taon. Nais naming gamitin ang mga ginawa ninyong tools. " Kami din ay naimbitahan na sumali sa Konseho para sa Edukasyon na ginanap noong ika-24 ng Mayo (Huwebes), upang maiulat ang mga gawain sa taong 2017.

Para sa detalyadong nilalaman ng panukala, maaaring tingnan ang pangtaunung ulat ng taong 2017, o kaya ang ika-62 na isyu ng newsletter. Sa pangtaunang ulat ay mababasa ang rason at detalyadong eksplanasyon ng panukala. Sa newsletter naman, mababasa ang panukala sa iba't-ibang wika. Ang pangtaunang ulat at ang newsletter ay makikita sa mga materyal ng Pagpupulong ng Kinatawan, sa citizen hall, at sa library. Ang newsletter ay pwede din idownload mula sa website ng lungsod.

# Patnubay para sa pag-akyat sa High School para sa mga batang mula sa ibang bansa

■Oras at araw: 2018/09/16 (Linggo), 1pm – 4pm ■Lugar: Kawasaki International Center

Sa araw na ito, may mga translator para sa mga programa. Ang programa ay paliwanag ng "Guidebook para sa pagpasok sa public school"na ginawa ng Konseho ng Edukasyon ng Kanagawa. Meron ding pagpapakilala ng mga high school, at pwede rin magkonsulta.

Bayad sa pagsali: Libre

Mga wikang may translation: English, Chinese, Portuges, Espanyol, Tagalog

*Kung may nais na itranslate na ibang wika, ipaalam hanggang dalawang linggo bago ang programa

Pagsali: Kawasaki International Association, Lunes hanggang Sabado, 9:30am hanggang 4:30pm

Tel: 044-435-7000 Fax: 044-435-7010 E-mail：kiankawasaki@kian.or.jp

**【Para sa katanungan】**

**Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura**

9th floor Frontier Building Ekimae-Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-0007

Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tangapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

古紙パルプ配合率70%再生紙を使用